huwag
mainggit
ngunit
magpasalamat

At ngayon, aking mga anak, makinig sa akin at mag-ingat sa espiritu ng panlilinlang at inggit. Sapagkat ang inggit ay naghahari sa buong pag-iisip ng isang tao, at hindi siya pinahihintulutan na kumain o uminom, o gumawa ng anumang mabuting bagay. Minumungkahi sa kaniya na sirain niya ang kaniyang kinaiinggitan; at hangga't ang kinaiinggitan ay nagtatagumpay, ang naiinggit ay naglalaho...Natutunan ko na ang kaligtasan sa inggit ay dumarating sa pamamagitan ng pagkatakot sa Diyos. Sapagkat kung ang isang tao ay lumalapit sa Panginoon, ang masamang espiritu ay tumatakas sa kanya at ang kanyang pag-iisip ay gumagaan. At mula ngayon siya ay nakikiramay sa kanya na kaniyang kinaiinggitan at pinapatawad yaong mga nagagalit sa kanya, at sa gayon siya ay humihinto sa kanyang inggit. TESTAMENT OF SIMEON 1:16-20

Mag-ingat, samakatwid, mga anak ko, sa lahat ng paninibugho at inggit, at lumakad nang may katapatan ng puso, upang ang Diyos ay mabigyan din kayo ng biyaya at kaluwalhatian, at pagpapala sa inyong mga ulo, gaya ng nakita ninyo sa kalagayan ni Joseph. TESTAMENT OF SIMEON 2:5

Gawin din ninyo, mga anak ko, ibigin ng bawa't isa ang kaniyang kapatid na may mabuting puso, at ang espiritu ng inggit ay lalayo sa inyo. Sapagkat ginagawa nitong mabagsik ang kaluluwa at sinisira ang katawan; ito ay nagdudulot ng galit at digmaan sa isipan, at pumupukaw sa mga gawa ng dugo, at inaakay ang isipan sa gulo, at nagdudulot ng kaguluhan sa kaluluwa at panginginig sa katawan. Sapagkat maging sa pagtulog ang masasamang paninibugho ay nanginginig, at sa pamamagitan ng masasamang espiritu ay ginugulo ang kaluluwa, at pinapanggulo ang katawan, at ginigising ang isipan mula sa pagkakatulog sa kalituhan; at kung paano ang isang masama at makamandag na espiritu, gayon din ang pagpapakita nito sa mga tao. TESTAMENT OF SIMEON 2:7-9

Sapagka't ang galit na may inggit ay kinakalaban sila na umuunlad: habang naririnig o nakikita ang kanilang tagumpay sila ay laging nanghihina. Ang katuwiran ay nagtatanggal ng galit, ang kababaang-loob ay sumisira ng inggit. Sapagka't ang matuwid at mapagpakumbaba ay nahihiya na gumawa ng hindi makatarungan... TESTAMENT OF GAD 1:22, 27-28
Sapagka't ang dukha, kung malaya sa inggit ay nilulugod ang Panginoon sa lahat ng bagay, siya ay pinagpala ng higit sa lahat...Alisin, samakatwid, ang selos sa inyong mga kaluluwa, at ibigin ang isa't isa nang may katuwiran ng puso.
TESTAMENT OF GAD 2:15-16

Hindi ako hahayo na may mapanirang inggit; sapagkat ang mainggiting tao ay hindi magkakaroon ng karunungan.
WISDOM OF SOLOMON 6:23
Huwag kang mainggit sa kaluwalhatian ng makasalanan: sapagka't hindi mo nalalaman kung ano ang kaniyang wakas.
Ang kayamanan ay hindi maganda para sa isang madamot na tao: at ano ang gagawin ng isang tao na mainggitin sa salapi?
ECCLESIASTICUS 9:11;14:3

Walang mas masahol pa kaysa sa kaniya na naiinggit sa kaniyang sarili; at ito ay kabayaran ng kaniyang kasamaan. At kung siya ay gumagawa ng mabuti, ginagawa niya ito nang hindi sinasadya; at sa huli ay ipahahayag niya ang kaniyang kasamaan. Ang taong mainggitin ay may masamang mata; kaniyang itinatalikod ang kaniyang mukha, at hinahamak ang mga tao. Ang mata ng taong sakim ay hindi nasisiyahan sa kaniyang bahagi; at ang kasamaan ng masama ay tumutuyo sa kaniyang kaluluwa. Ang masamang mata ay naninibugho sa kaniyang tinapay, at siya'y madamot sa kaniyang hapag. ECCLESIASTICUS 14:6-10
Ang inggit at poot ay nagpapaikli ng buhay...
ECCLESIASTICUS 30:24

Huwag kang mabalisa dahil sa mga manggagawa ng kasamaan, ni mainggit sa kanila. Sapagka't sila'y puputulin na parang damo, at matutuyo na parang sariwang damo. AWIT 37:1-2

...Sapagka't ako'y nainggit sa mga mangmang, nang aking makita ang kasaganaan ng mga masasama...sila'y may higit pa sa naisin ng puso...Narito, ito ang mga masama, na umuunlad sa sanglibutan; dumarami sila sa kayamanan...Nang naisip kong malaman ito, napakasakit para sa akin; Hanggang sa pumasok ako sa santuario ng Dios; pagkatapos ay naunawaan ko ang kanilang wakas. Tunay na inilagay mo sila sa mga madulas na dako: iyong inihagis sila sa kapahamakan...Sapagka't, narito, silang malayo sa iyo ay mapapahamak...Nguni't mabuti sa akin na lumapit sa Dios: aking inilagak ang aking tiwala sa Panginoong Dios, upang aking maipahayag ang lahat ng iyong mga gawa. AWIT 73 (Asaph)

Huwag kang mainggit sa mapang-api, at huwag mong piliin ang anuman sa kaniyang mga daan. Sapagka't ang suwail ay kasuklamsuklam sa Panginoon: nguni't ang kaniyang lihim ay nasa matuwid. KAWIKAAN 3:31-32
Ang mabuting puso ay buhay ng laman: nguni't ang inggit ay kabulukan ng mga buto. KAWIKAAN 14:30
Huwag mainggit ang iyong puso sa mga makasalanan: kundi matakot ka sa Panginoon buong araw. Sapagka't tiyak na may wakas... KAWIKAAN 23:17-18
Huwag kang mainggit sa masasamang tao, ni magnais na makasama sila. Sapagka't ang kanilang puso ay nag-aaral ng kapahamakan, at ang kanilang mga labi ay nagsasalita ng kasamaan. KAWIKAAN 24:1-2
Huwag kang mabalisa dahil sa masasamang tao, ni mainggit sa masasama; Sapagka't walang gantimpala sa masamang tao; ang kandila ng masama ay papatayin. KAWIKAAN 24:19-20